ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

# PAG-UNAWA SA BINASA: MGA HAMON AT MEKANISMO SA PAGGAMIT NG WORKSHEETS SA FILIPINO

**Rhea Mae D. Gajo, Raymund L. Santiago, PhD**
*La Carlota City College, La Carlota City, Negros Occidental, Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra31332**
**DOI No: 10.36713/epra31332**

## ABSTRAK

*Sinuri ng pag-aaral na ito ang mga karanasan, hamon, at mga estratehiya ng mga mag-aaral sa paggamit ng worksheets sa asignaturang Filipino sa Ika-12 Baitang sa isang pampublikong paaralan; matukoy ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng worksheets, hamon na kanilang naranasan, mekanismo at estratehiya upang matugunan ang mga hamon sa paggamit nito. Gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibong disenyo ng pananaliksik na nakabatay sa transcendental phenomenology. Anim na mag-aaral sa Ika-12 Baitang ang napili sa pamamagitan ng purposive sampling at maximum variation sampling upang kumatawan sa iba't ibang antas ng akademikong pagganap. Isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng malalim na panayam gamit ang gabay na tanong. Gumamit ng audio recording at field notes, ang transkripsiyon ay patutunayan gamit ang member checking. Gamit ang thematic analysis nina Braun at Clarke, lumitaw sa resulta ang anim na tema: (1) mga gamit at benepisyo ng worksheets sa pagkatuto, (2) mga hadlang at suliranin sa paggamit ng worksheets, (3) mga sariling estratehiya sa pagkatuto, (4) mga mekanismo ng pag-angkop at suporta sa pagkatuto, (5) mga estratehiya sa pamamahala ng gawain at oras, at (6) balanse ng positibo at negatibong karanasan sa paggamit ng worksheets. Natuklasan na nakatulong ang worksheets sa pagpapaunlad ng pagkatuto, subalit nagkaroon din ng mga hamon tulad ng kahirapan sa wika, kalabuan ng panuto, at labis na gawain. Lumitaw rin na gumamit ang mga mag-aaral ng iba't ibang estratehiya tulad ng kolaborasyon, self-directed learning, at paggamit ng digital na sanggunian upang malampasan ang mga suliranin. Napatunayan na ang worksheets ay naging epektibong kagamitang pampagkatuto sa Filipino, ngunit ang bisa nito ay nakasalalay sa malinaw na disenyo, angkop na antas ng kahirapan, at sapat na suportang akademiko.*

**KEYWORDS**: *Worksheets, Pag-unawa sa Binasa, Hamon sa Paggamit, Mekanismo sa Pagtuturo*

## PANIMULA

Sa kasalukuyang panahon sa edukasyon, ang paggamit ng *worksheets* ay nananatiling isa sa mga pinakaraniwang ginagamit na materyales sa pagtuturo at pagkatuto sa pandaigdigang konteksto. Ipinapakita ng kamakailang pananaliksik ni Zen et.al., (2025), na ang mga *worksheets* na dinisenyo gamit ang mga makabagong *pedagogical approach* ay maaaring mag-ambag sa mas mataas na antas ng pagkatuto at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral ay napatunayang epektibo sa pagpapabuti ng mga resulta sa pagkatuto sa ng *blended learning*.

Sa mga bansang kabilang sa ASEAN tulad ng Pilipinas, Indonesia, at Malaysia, ang integrasyon ng mga *worksheets* sa tradisyonal at *digital* na pagtuturo ay napatunayang nagdudulot ng positibong epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral ayon sa pag-aaral ni Hassan et al., (2022); Lim at Tan, (2023). Bukod dito, sa gitna ng mabilis na pagbabago ng teknolohiya at pamamaraan ng pagtuturo, ang paggamit ng mga *worksheets* ay nakatutulong hindi lamang sa pagkatuto ng mga konsepto kundi pati na rin sa paghubog ng kakayahan ng mga mag-aaral na maging malikhain at mapanuri.

Mahalaga ang paggamit ng *worksheets* sa pag-aaral na ito sapagkat nagsilbi itong pangunahing instrumento sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Sa pamamagitan nito, nagkaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na mas mapalalim ang kanilang pag-unawa sa mga aralin, malinang ang kanilang kasanayan sa pagsusuri at pagsagot, at magkaroon ng mas aktibong partisipasyon sa proseso ng pagkatuto kahit sa labas ng tradisyunal na silid-aralan.

### Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aral na ito ay naglalayong malaman ang mga hamon at mekanismo sa paggamit ng worksheets sa Filipino.

1. Ano-ano ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng worksheets sa Filipino?
2. Ano-ano ang mga hamon na nararanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng worksheets sa Filipino?
3. Ano-ano ang mga mekanismo at estratehiyang ginagamit ng mga mag-aaral upang matugunan ang mga hamon sa paggamit ng worksheets sa Filipino?

## METODOLOHIYA

Gumamit ang pag-aaral na ito ng kwalitatibong disenyo ng pananaliksik gamit ang phenomenological approach upang masuri at maunawaan ang aktuwal na karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng worksheets sa asignaturang Filipino. Ang ganitong disenyo ay angkop sapagkat nakatuon ito sa paglalarawan at pagbibigay-kahulugan sa mga personal na karanasan, pananaw, at pag-unawa ng mga kalahok hinggil sa isang tiyak na penomenon (Creswell & Poth, 2023). Sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

pamamagitan nito, nabigyang-daan ang mga kalahok na maipahayag ang kanilang sariling karanasan, mga hamon na kinaharap, at mga estratehiyang kanilang ginagamit habang gumagamit ng worksheets bilang bahagi ng kanilang proseso ng pagkatuto.

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng mga mag-aaral na may direktang karanasan sa paggamit ng worksheets sa asignaturang Filipino. Pinili ang mga kalahok gamit ang purposive sampling, kung saan isinama lamang ang mga mag-aaral na makapagbibigay ng makabuluhang impormasyon batay sa layunin ng pag-aaral. Ang pagpiling ito ay isinagawa upang matiyak na ang mga kalahok ay may sapat na karanasan at pag-unawa sa paggamit ng worksheets bilang kagamitang pampagkatuto.

Ginamit ang semi-structured interview guide bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos. Ang mga tanong sa panayam ay nakatuon sa tatlong pangunahing aspekto: (1) karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng worksheets sa Filipino; (2) mga hamong nararanasan nila habang ginagawa ang mga gawain; at (3) mga estratehiya o mekanismong ginagamit nila upang malampasan ang mga hamon. Sa pamamagitan ng semi-structured interview, nabigyan ng pagkakataon ang mga kalahok na magbahagi ng malalim at malayang paglalarawan ng kanilang karanasan habang nananatiling nakatuon ang talakayan sa layunin ng pananaliksik.

Isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng pormal na panayam sa mga napiling kalahok. Bago ang pagsasagawa ng panayam, ipinaalam muna sa mga kalahok ang layunin ng pag-aaral, ang kahalagahan ng kanilang pakikilahok, at ang pagpapanatili ng pagiging kompidensiyal ng kanilang mga tugon. Ang kanilang mga sagot ay itinala at inihanda para sa masusing pagsusuri.

Sinuri ang mga nakalap na datos gamit ang thematic analysis nina Braun at Clarke (2022). Ang prosesong ito ay binubuo ng anim na yugto: (1) pagiging pamilyar sa mga datos sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagbasa sa mga tugon ng kalahok; (2) pagbuo ng mga paunang koda; (3) pagtukoy ng mga umuusbong na tema; (4) pagsusuri at pagrebisa sa mga tema; (5) pagbibigay ng malinaw na kahulugan at pangalan sa mga tema; at (6) pagsulat ng interpretasyon batay sa mga natukoy na padron mula sa datos. Sa pamamagitan ng sistematikong pagsusuring ito, natukoy ang mahahalagang karanasan, hamon, at mekanismo ng mga mag-aaral sa paggamit ng worksheets sa asignaturang Filipino.

Binigyang-pansin din sa pag-aaral ang mga pamantayang etikal sa pananaliksik. Tiniyak ang boluntaryong pakikilahok ng mga kalahok, pagiging kompidensiyal ng kanilang impormasyon, at paggamit lamang ng mga nakalap na datos para sa layuning akademiko. Ang pagkakakilanlan ng mga kalahok ay pinanatiling pribado sa pamamagitan ng paggamit ng mga kodigo o pseudonym sa paglalahad ng kanilang mga pahayag.

## MGA RESULTA AT TALAKAYAN

### Mga Karanasan ng mga Mag-Aaral sa Paggamit ng Worksheets sa Filipino

### Unang Tema: Mga Gamit at Benepisyo ng Worksheets sa Pagkatuto

Ang unang tema ay tumutukoy sa mga gamit at positibong naidudulot ng worksheets sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Mula sa masusing pagsusuri ng mga salaysay ng anim (6) na kalahok, lumitaw na ang worksheets ay hindi lamang itinuturing na karaniwang gawaing pampagkatuto, kundi isang mahalagang kagamitang panturo na tumutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa sa mga aralin, pagpapatibay ng mga natutuhan, at pagpapaunlad ng iba't ibang kasanayang pang-akademiko. Ipinakita ng mga kalahok na ang regular na paggamit ng worksheets ay nagbigay sa kanila ng pagkakataong balikan ang mga konsepto, magsanay sa pagsagot ng iba't ibang gawain, at magkaroon ng mas malinaw na pag-unawa sa mga araling tinalakay sa klase.

Sa pagsusuri ng mga datos, lumitaw na ang mga benepisyong ito ay maaaring pangkatin sa tatlong pangunahing aspekto: (1) pagpapalalim ng pag-unawa sa aralin, (2) pagpapatibay ng pagkatuto at pag-alala sa mga konsepto, at (3) pagpapaunlad ng aktibong pagkatuto at sariling pagkatuto (independent learning). Ipinakikita nito na ang worksheets ay nagsisilbing kasangkapan na hindi lamang sumusukat sa natutuhan ng mga mag-aaral kundi aktibong nag-aambag sa kanilang proseso ng pagkatuto.

*"Sa aking karanasan, nakatutulong ang worksheets sa pag-review ng mga aralin sa Filipino. Nagiging mas malinaw sa akin ang paksa dahil nasasanay akong sagutin ang iba't ibang uri ng tanong. Karaniwan kong binabasa muna ang buong worksheet bago magsimulang sumagot. Sinusubukan kong unawain ang bawat tanong at dahan-dahan ko itong sinasagutan."*

*-Alyas Mapanuri*

Makikita sa pahayag na ito na itinuturing ng kalahok ang worksheets bilang isang epektibong kagamitan sa pagrerepaso. Sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagsagot sa iba't ibang uri ng tanong, nagkakaroon siya ng pagkakataong muling balikan ang mga konseptong tinalakay sa klase. Ang prosesong ito ay nagiging daan upang higit niyang maunawaan ang paksa at matukoy ang mga bahaging kailangan pa niyang pagtuunan ng pansin. Ipinahihiwatig din ng kaniyang salaysay na ang worksheets ay nagbibigay ng aktibong karanasan sa pagkatuto, kung saan hindi lamang basta tumatanggap ng impormasyon ang mag-aaral kundi aktibong ginagamit ang kaniyang kaalaman sa pagsagot at pagsusuri ng mga gawain. Ipinapakita sa pahayag na ito na ang worksheets ay nagsisilbing tulay upang mapalalim ang pag-unawa ng mag-aaral sa mga paksa sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagsasanay at exposure sa iba't ibang uri ng tanong.

Dagdag pa rito, ang isa pang mahalagang ideya mula kay Masigasig, Mapagmuni at Matiyaga ay ang papel ng worksheets sa pagpapatibay ng memorya at pag-alala ng aralin:

*"Sa aking karanasan, ang worksheet ay nakatutulong sa pag-aaral ng Filipino dahil nagbibigay ito ng mga gawain na nagpapalawak ng aking pag-unawa sa aralin. Kapag*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

*gumagamit kami ng worksheets, binabasa ko muna ang mga panuto at pagkatapos ay sinusubukan kong sagutin ang mga tanong batay sa aking natutuhan sa klase."*
*-Alyas Masigasig*

*"Ang worksheet ay isang mahalagang bahagi ng pag-aaral dahil nakatutulong ito upang masanay ang mga estudyante sa pagsagot at pag-intindi sa aralin."*
*-Alyas Mapagmuni*

*Mailalarawan ko ang aking karanasan bilang kapaki-pakinabang. Ang mga worksheet ay tumutulong sa amin upang mas maunawaan ang aming mga natutuhan sa mga nakaraang aralin.*
*-Alyas Matiyaga*

Mula sa pahayag na ito, makikitang ang *worksheets* ay hindi lamang nakatuon sa pagsagot ng gawain kundi may mahalagang gampanin sa pagpapatibay ng kognitibong pagkatuto o pagpapatibay ng natutunan. Ipinakikita ng pahayag na ito na ang *worksheets* ay may mahalagang papel sa pagpapalakas ng memorya at pagpapanatili ng mga natutuhan. Sa pamamagitan ng paulit-ulit na paglalapat ng mga konseptong natutuhan sa iba't ibang gawain, mas tumitibay ang pag-alala ng mga mag-aaral sa mahahalagang impormasyon. Ipinahihiwatig din nito na ang pagkatuto ay hindi lamang nagaganap sa oras ng talakayan sa loob ng silid-aralan, kundi nagpapatuloy habang isinasagawa ng mag-aaral ang mga gawaing nakapaloob sa *worksheets.* Dahil dito, nagiging mas matatag ang kanilang pag-unawa at mas nagiging handa silang gamitin ang mga natutuhan sa mga susunod na gawain at pagtataya.

Ipinapahiwatig ng resulta na ang *worksheets* ay isang epektibong kagamitang pampagtuturo na maaaring magamit upang mapalalim ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino. Ipinapakita nito na ang mga guro ay dapat patuloy na gumamit at magdisenyo ng *worksheets* na angkop sa antas ng mga mag-aaral upang mas mapadali ang pag-unawa sa mga aralin.

Dagdag pa rito, mahalagang isaalang-alang ang pagbuo ng *worksheets* na hindi lamang nakatuon sa pagsagot ng tanong kundi nagtataguyod din ng mapanuring pag-iisip, pag-aanalisa, at pag-uugnay ng konsepto sa aktwal na karanasan ng mga mag-aaral. Ang maayos na disenyo ng *worksheets* ay maaaring magdulot ng mas mataas na motibasyon, at akademikong pagganap.

Ipinapahiwatig din ng resulta na ang mga guro ay kailangang magbigay ng malinaw na panuto at angkop na antas ng kahirapan upang maiwasan ang pagkalito at mapanatili ang positibong karanasan sa pagkatuto.

Ang mga natuklasan ay sumusuporta sa teorya ng *constructivism*, kung saan ang pagkatuto ay nagiging mas epektibo kapag ang mag-aaral ay aktibong nakikibahagi sa pagbuo ng kaalaman. Ang *worksheets* ay nagsisilbing gabay na suporta sa pagkatuto na tumutulong sa mag-aaral na sistematikong maiproseso ang impormasyon.

Dagdag pa rito, natuklasan nina Agarwal at Bain (2021) na ang paggamit ng *retrieval practice* o paulit-ulit na pag-alala ng impormasyon sa pamamagitan ng mga gawaing katulad ng worksheets ay nakatutulong sa pagpapatibay ng pangmatagalang memorya (long-term retention) at pagpapataas ng pagganap ng mga mag-aaral sa iba't ibang asignatura. Ipinakita rin nila na ang regular na pagsasanay sa pagkuha ng impormasyon mula sa memorya ay higit na epektibo kaysa simpleng muling pagbabasa ng mga aralin.

Ayon naman kina Sailer at Homner (2023), ang mga kagamitang pampagkatuto na nagbibigay ng agarang pagsasanay at malinaw na layunin ay nagpapalakas ng pakikilahok ng mag-aaral at akademikong tagumpay. Ipinakita sa kanilang meta-analisis na ang mga mag-aaral ay nagiging mas aktibo at mas nagkakaroon ng interes sa pag-aaral kapag ang mga gawain ay organisado at naaayon sa kanilang kakayahan.

Bukod dito, ipinakita rin nina Schneider at Preckel (2022) na ang mga estratehiyang nakabatay sa aktibong pagkatuto, kabilang ang paggamit ng worksheets, pagsagot sa mga gabay na tanong, at regular na pagsasanay, ay kabilang sa mga pinakamabisang paraan upang mapataas ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ayon sa kanilang pagsusuri, ang mga gawaing nagbibigay ng pagkakataong magsanay at magmuni-muni ay nakatutulong sa pagpapatibay ng pag-unawa at pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip.

Sa larangan naman ng pagkatuto sa wika, natuklasan nina Lee at Hannafin (2022) na ang mga nakabalangkas na gawain na may malinaw na layunin at hakbang ay nakatutulong sa pagpapabuti ng komprehensyon, pagkatamo ng bokabularyo, at kakayahang magsuri ng mga tekstong binabasa. Ipinakita nila na ang mga gawaing tulad ng worksheets ay nagbibigay ng sapat na gabay upang maging mas sistematiko at makabuluhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ayon sa pag-aaral nina Rasool & Singh (2021), ang *structured worksheets* ay may positibong epekto sa akademikong pagkatauto ng mga mag-aaral dahil nagbibigay ito ng gabay na pagsasanay at agarang pagpapatibay ng aralin.

Sa pag-aaral nina Alshammari et al. (2022), natuklasan na ang paggamit ng worksheets ay nagpapataas ng pakikilahok ng mag-aaral at pag-unawa sa konsepto, lalo na sa language-based subjects. Ayon naman kina Sari at Oktaviani (2023), ang worksheets ay epektibong tool sa pagpapalakas ng reading comprehension at vocabulary acquisition sa mga mag-aaral.

Samantala, natuklasan nina Kim at Lee (2024) na ang structured learning tasks tulad ng worksheets ay nakatutulong sa pagbawas sa kognitibong bigat, kaya mas nagiging madali para sa mga mag-aaral ang pagproseso ng impormasyon.

Pinatutunayan ng mga makabagong pag-aaral na ang worksheets ay hindi lamang simpleng kagamitang pampagtuturo kundi isang mahalagang kasangkapan na nagpapalalim ng pag-unawa, nagpapatibay ng memorya, nagpapataas ng motibasyon, at nagpapaunlad ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ipinakikita rin ng mga pag-aaral na ang pagiging epektibo ng worksheets ay nakasalalay sa maayos na disenyo, malinaw na layunin, at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

**Hamon na Nararanasan ng mga Mag-Aaral Sa Paggamit ng Worksheets sa Filipino**

**Ikalawang Tema: Mga Hadlang at Suliranin sa Paggamit ng Worksheets**

Sa pagsusuri ng mga panayam gamit ang Reflexive Thematic Analysis nina Braun at Clarke (2022), lumitaw ang ikalawang pangunahing tema na Mga Hadlang at Suliranin sa Paggamit ng Worksheets. Ang temang ito ay nagpapakita na bagama't kinikilala ng mga kalahok ang mga positibong ambag ng worksheets sa kanilang pagkatuto, hindi maikakaila na nakararanas din sila ng iba't ibang hamon na nakaaapekto sa kanilang kakayahang maunawaan, matapos, at magamit nang lubos ang mga gawaing nakapaloob dito.

Ipinakikita ng mga salaysay ng mga kalahok na ang mga suliraning ito ay hindi lamang bunga ng kanilang sariling kakayahan bilang mag-aaral, kundi maging ng disenyo, nilalaman, at paraan ng pagkakabuo ng *worksheets*. Dahil dito, ang mga hamong kanilang naranasan ay may implikasyon hindi lamang sa kanilang pagganap sa mga gawain kundi maging sa kanilang motibasyon, kumpiyansa, at kabuuang karanasan sa pagkatuto ng asignaturang Filipino.

**2.1 Kahirapan sa Wika at Pag-unawa sa mga Tanong.** Ang subtemang ito ay tumutukoy sa suliraning nararanasan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa mga salitang ginamit sa worksheets, lalo na kung ito ay masyadong mahirap, malalim, o hindi pamilyar sa kanilang bokabularyo. Isa sa mga pangunahing suliraning lumitaw mula sa pagsusuri ng datos ay ang kahirapan sa pag-unawa sa wikang ginamit sa worksheets. Lumitaw sa mga panayam na ang paggamit ng mga salitang malalalim, teknikal, o hindi pamilyar sa bokabularyo ng mga mag-aaral ay nagiging hadlang sa kanilang pag-unawa sa nilalaman ng mga tanong. Dahil dito, nahihirapan silang matukoy ang hinihinging kasagutan kahit na mayroon silang kaalaman sa aralin.

Batay sa pahayag ni Mapanuri, malinaw na ang hindi pag-unawa sa mga salita ay direktang nakaaapekto sa kaniyang kakayahang sagutin ang mga tanong:

*"May mga salitang hindi ko naiintindihan kaya nahihirapan akong sagutin ang ilang mga tanong. Ang karaniwang hamon na nararanasan ko ay kapag kulang ang oras sa pagsagot o kapag mahirap ang mga tanong sa worksheets".*

*-Alyas Mapanuri*

Ipinahihiwatig ng pahayag na ito na ang pag-unawa sa wika ay nagsisilbing pundasyon ng matagumpay na pagsagot sa worksheets. Kapag ang mga salitang ginamit ay hindi angkop sa antas ng bokabularyo ng mag-aaral, nagiging mahirap para sa kaniya na maunawaan ang tunay na layunin ng tanong. Bilang resulta, nagkakaroon ng pag-aalinlangan sa pagsagot, tumataas ang posibilidad ng maling interpretasyon, at bumababa ang kumpiyansa ng mag-aaral sa kaniyang sariling kakayahan.

Higit pa rito, ipinakikita ng karanasang ito na ang suliranin ay hindi lamang kakulangan sa bokabularyo kundi maging sa pagkakatugma ng antas ng wika ng worksheet sa kakayahan ng mga mag-aaral. Kapag hindi isinasaalang-alang ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbuo ng worksheets, maaaring maging hadlang ang mismong kagamitan sa halip na maging suporta sa pagkatuto.

Dagdag pa rito, pinatotohanan ni Mapagmuni ang parehong karanasan, ngunit mas pinalawak niya ang hamon sa pamamagitan ng pagtukoy sa haba at lalim ng mga tanong:

*"May mga bahaging mahirap unawain lalo na kung mahaba ang tanong o malalalim ang mga salitang ginamit".*

*- Alyas Mapagmuni*

Mula sa salaysay na ito, makikitang ang hamon ay hindi lamang nakatuon sa paggamit ng mahihirap na salita kundi maging sa istruktura at organisasyon ng mga tanong. Ang mahahabang pangungusap, masalimuot na pagpapahayag, at sabay-sabay na paglalahad ng maraming impormasyon ay nagdaragdag sa cognitive load ng mga mag-aaral. Sa halip na makapagtuon sila sa nilalaman ng aralin, mas maraming oras at mental na pagsisikap ang nagugugol nila sa pag-unawa pa lamang sa mismong tanong.

Makikita rin sa mga salaysay ng dalawang kalahok na ang kahirapan sa pag-unawa sa mga tanong ay nagiging sanhi ng pagbagal ng kanilang pagsagot, pagkalito sa hinihinging kasagutan, at pagdududa kung tama ba ang kanilang mga isinulat. Dahil dito, nababawasan ang kanilang kumpiyansa at nagiging mas mabigat ang kanilang karanasan sa paggamit ng worksheets. Ipinahihiwatig ng mga pahayag na ang pagiging epektibo ng worksheets ay hindi lamang nakasalalay sa nilalaman nito kundi maging sa kalinawan, kasimplehan, at kaangkupan ng wikang ginagamit.

Ayon sa pag-aaral nina Evans at Cleghorn (2022), ang hindi angkop na paggamit ng wika sa mga worksheet ay nagdudulot ng tinatawag na instruksyonal na kalituhan, kung saan nagkakaroon ng agwat sa pagitan ng layunin ng guro at pag-unawa ng mag-aaral. Ipinakita rin nina Sumipo (2020) na ang wika ng pagtuturo ay may direktang epekto sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga problemang may tekstong nakasulat.

Dagdag pa rito, natuklasan sa pananaliksik nina Hall-Mills et al. (2021) na ang kahirapan sa wika ay may kaugnayan sa mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa, lalo na sa mga mag-aaral na may limitadong kasanayan sa wika ng pagtuturo.

Sa kabuuan, ipinapakita ng subtemang ito na ang antas ng wika sa worksheets ay dapat tumugma sa kakayahan ng mga mag-aaral upang maiwasan ang pagkalito at hadlang sa pagkatuto.

**2.2 Kalabuan ng Panuto at Kakulangan sa Gabay.** Ang ikalawang subtema ay tumutukoy sa kalabuan ng mga panuto at kakulangan ng sapat na gabay sa paggamit ng worksheets. Mula sa pagsusuri ng mga salaysay ng mga kalahok, lumitaw na ang hindi malinaw na mga direksiyon at ang hindi sapat na pagpapaliwanag sa mga gawain ay nagiging sanhi ng pagkalito at kawalan ng kumpiyansa sa pagsagot ng worksheets. Bagama't layunin ng worksheets na magsilbing gabay sa pagkatuto, ipinakita ng mga kalahok na nagiging hadlang ito kapag ang mga panuto ay hindi malinaw, kulang sa detalye, o hindi naaayon sa mga paksang natalakay sa klase.

Ayon kay Matiyaga:

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

*"Ang mga bahaging hindi malinaw ang panuto o mga tanong na tila hindi naman itinuro sa klase ay mahirap para sa akin".*
*- Alyas Matiyaga*

Ipinahihiwatig ng pahayag na ito na ang kalinawan ng panuto ay isang mahalagang salik upang maging epektibo ang worksheets bilang kagamitang pampagkatuto. Kapag ang mga direksiyon ay hindi tiyak o ang mga tanong ay hindi umaayon sa mga araling natalakay, nahihirapan ang mga mag-aaral na matukoy ang wastong paraan ng pagsagot. Dahil dito, nababawasan ang kanilang kumpiyansa at nagiging limitado ang kanilang kakayahang maipakita ang tunay nilang pag-unawa sa aralin. Ipinakikita rin ng karanasang ito na mahalagang magkaroon ng pagkakatugma (alignment) sa pagitan ng nilalaman ng worksheets, mga layunin sa pagkatuto, at mga paksang tinalakay sa klase upang maging makabuluhan ang proseso ng pagkatuto.

Dagdag pa rito, pinatibay ni Mapagmuni ang suliraning ito:

*"Hindi sapat ang mga panuto kaya nahihirapan akong maunawaan ang mga ito".*
*–Alyas Mapagmuni*

Mula sa pahayag na ito, makikita na ang suliranin ay hindi lamang tungkol sa pagiging mahirap ng mga tanong kundi pati na rin sa kakulangan ng gabay na dapat sana ay tutulong sa mga mag-aaral sa pagsasagawa ng gawain. Ang hindi sapat na paliwanag o kakulangan ng mga halimbawa sa worksheets ay nagiging dahilan upang ang mga mag-aaral ay manghula sa hinihinging sagot o umasa sa tulong ng guro, kaklase, o iba pang sanggunian. Sa halip na maging isang kasangkapan para sa malayang pagkatuto, nagiging limitado ang bisa ng worksheets kapag hindi nito malinaw na naipahahayag ang mga inaasahang gawin ng mag-aaral.

Sa paghahambing ng mga salaysay nina Matiyaga at Mapagmuni, lumilitaw na ang kalabuan ng panuto at kakulangan ng gabay ay magkakaugnay na mga suliranin na nakaaapekto sa kabuuang karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng *worksheets*. Ang hindi malinaw na panuto ay nagdudulot ng pagkalito sa simula pa lamang ng gawain, samantalang ang kakulangan ng gabay ay nagpapahirap sa mga mag-aaral na maisagawa nang tama ang mga hinihinging gawain. Bilang resulta, mas maraming oras ang kanilang ginugugol sa pag-unawa sa panuto kaysa sa aktuwal na pagpoproseso ng nilalaman ng aralin.

Ipinakikita ng subtemang ito na ang pagiging epektibo ng *worksheets* ay hindi lamang nakasalalay sa kalidad ng mga tanong kundi pati na rin sa kalinawan ng mga panuto at sa sapat na paggabay na ibinibigay ng mga ito. Ang isang mahusay na worksheet ay dapat naglalaman ng malinaw, tiyak, at madaling sundang mga direksiyon na naaayon sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral at nakahanay sa mga layunin ng aralin. Sa ganitong paraan, ang worksheets ay nagiging tunay na kasangkapan sa pagkatuto at hindi isang karagdagang hadlang sa pag-unawa ng mga mag-aaral.

Ang natuklasang ito ay umaayon sa pananaw nina Clark at Mayer (2023) na ang kalinawan ng mga instruksyon at organisasyon ng mga gawaing pampagkatuto ay may mahalagang impluwensya sa pag-unawa at pagganap ng mga mag-aaral. Ipinakikita rin ng na higit na nagiging epektibo ang mga kagamitang pampagkatuto kapag ang mga panuto ay malinaw, sunod-sunod, at madaling maunawaan, sapagkat nababawasan nito ang hindi kinakailangang *cognitive load* at nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na ituon ang kanilang atensyon sa pagkatuto ng nilalaman ng aralin sa halip na sa pag-unawa sa paraan ng pagsagot. Sa konteksto ng kasalukuyang pag-aaral, pinatutunayan ng mga salaysay ng mga kalahok na ang malinaw at sistematikong panuto ay mahalagang sangkap upang maging makabuluhan at epektibo ang paggamit ng *worksheets* sa asignaturang Filipino.

Ayon sa pag-aaral nina Evans at Cleghorn (2022), ang hindi malinaw na disenyo ng *worksheet* ay nagdudulot ng instruksyonal na hindi pagkakatugma, kung saan ang inaasahang sagot ng guro ay hindi tumutugma sa interpretasyon ng mag-aaral. Samantala, binigyang-diin nina Hall-Mills et al. (2021) na ang malinaw na instruksyon ay mahalagang salik upang mapabuti ang pag-unawa sa pagbasa at kritikal na pag-iisip.

Dagdag pa rito, ipinakita rin sa pag-aaral nina Patinga at Agua (2021) na ang malinaw na istruktura ng mga gawain ay nakatutulong sa pagtaas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral, samantalang ang malabong panuto ay nagiging sanhi ng mababang pagganap.

**2.3 Kakulangan sa Oras at Bigat ng Gawain.** Ang ikatlong subtema ay tumutukoy sa kakulangan sa oras at bigat ng mga gawaing nakapaloob sa worksheets, na itinuturing ng mga kalahok bilang isa sa mga pangunahing hamon sa kanilang pagkatuto sa asignaturang Filipino. Mula sa pagsusuri ng mga panayam, lumitaw na ang limitadong oras sa pagsagot at ang sabay-sabay na dami ng mga gawaing kailangang tapusin ay nagiging dahilan upang mahirapan ang mga mag-aaral na pagtuunan ng sapat na pansin ang bawat gawain. Dahil dito, naaapektuhan hindi lamang ang kalidad ng kanilang mga kasagutan kundi maging ang kanilang konsentrasyon, motibasyon, at kabuuang karanasan sa pagkatuto.

Makikita ito sa pahayag ni Mapanuri, na nagsabi:

*"Kapag kulang ang oras sa pagsagot ng worksheet, nahihirapan akong matapos ang lahat ng tanong at gawain. Kailangan kong magmadali kahit nais ko sanang pag-isipan nang mabuti ang aking mga sagot".*
*-Alyas Mapanuri*

Bagama't maikli ang pahayag, malinaw nitong ipinahihiwatig na ang limitadong oras ay nagdudulot ng matinding presyur sa mag-aaral. Sa halip na magkaroon ng sapat na panahon upang pag-isipan at suriin ang bawat tanong, napipilitan siyang magmadali upang matapos ang worksheet sa itinakdang oras. Ang ganitong sitwasyon ay maaaring magbunga ng mga hindi kumpletong kasagutan, pagkakamali sa interpretasyon ng tanong, at hindi lubos na pagpapakita ng tunay na antas ng kaniyang pag-unawa sa aralin. Ipinakikita rin nito na ang kakulangan sa oras ay hindi lamang usapin ng bilis ng pagsagot, kundi may direktang epekto sa kalidad ng pagkatuto at pagganap ng mga mag-aaral.

Pinagtibay naman ni Maingat ang hamong ito sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa dami ng mga gawaing kailangang tapusin. Ayon sa kaniya,

*"Kung sobrang dami ng gawain, nahihirapan akong bigyan ng maayos na pansin ang bawat isa. May mga aktibidad na dapat sana ay nabibigyan ko ng mas maraming oras upang mas maunawaan ko ito nang mabuti".*
*-Alyas Maingat*

Ipinahihiwatig ng pahayag na ito na ang bigat ng gawaing akademiko ay nagiging hadlang sa masusing pagkatuto. Kapag maraming worksheets o iba pang akademikong gawain ang kailangang tapusin sa loob ng maikling panahon, nahahati ang atensyon ng mga mag-aaral at nababawasan ang pagkakataon nilang mapag-isipan nang mabuti ang bawat gawain. Sa halip na maging isang makabuluhang proseso ng paglinang ng kaalaman, nagiging pangunahing layunin na lamang ang matapos ang lahat ng ipinapagawa, kahit hindi na lubos na nauunawaan ang nilalaman ng mga ito.

Sa pagsusuri ng mga salaysay nina Mapanuri at Maingat, lumilitaw na ang kakulangan sa oras at dami ng gawain ay magkakaugnay na salik na nakaaapekto sa kalidad ng pagkatuto. Kapag limitado ang oras at marami ang kailangang tapusin, tumataas ang antas ng pagod at presyur na nararanasan ng mga mag-aaral. Bilang resulta, nababawasan ang kanilang kakayahang mag-isip nang kritikal, magsuri ng impormasyon, at makapagbigay ng masusing kasagutan. Maaari ring magdulot ito ng stress, pagkawala ng motibasyon, at pagbaba ng interes sa pagsasagawa ng mga gawain sa Filipino.

Ipinakikita ng subtemang ito na mahalagang isaalang-alang ng mga guro ang angkop na dami ng gawain at makatotohanang oras ng pagsagot sa pagdidisenyo ng worksheets. Bagama't mahalaga ang pagbibigay ng mga gawaing nagpapatibay sa pagkatuto, nararapat ding tiyakin na ang mga ito ay naaayon sa kakayahan at oras ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, ang worksheets ay nagiging kasangkapan sa makabuluhang pagkatuto sa halip na maging sanhi ng labis na pagkapagod at presyur.

Ang natuklasang ito ay umaayon sa pag-aaral nina Fiorella at Mayer (2021) na nagsasaad na ang labis na dami ng gawaing pang-akademiko at limitadong oras sa pagsasagawa nito ay maaaring magpababa sa kalidad ng pagkatuto dahil nahahadlangan ang malalim na pagproseso ng impormasyon. Gayundin, binigyang-diin nina Clark at Mayer (2023) na ang mga kagamitang pampagkatuto ay mas nagiging epektibo kung ang mga gawain ay may angkop na lawak, malinaw na organisasyon, at sapat na panahong inilaan para sa kanilang pagsasagawa. Ipinakikita ng kanilang pananaw na ang balanseng dami ng gawain at makatwirang oras ay mahalagang salik upang mapanatili ang aktibong pakikilahok, motibasyon, at makabuluhang pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mga natuklasang ito ay sumusuporta sa mga karanasan ng mga kalahok na naglalarawan kung paano nagiging hadlang ang kakulangan sa oras at labis na dami ng worksheets sa kanilang pag-unawa at pagganap sa asignaturang Filipino.

Ayon sa pag-aaral nina Patinga at Agua (2021), ang labis na dami at antas ng kahirapan ng *worksheets* ay may direktang epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Natuklasan din nina Özbek at Ergül (2021) na ang labis na kognitibong bigat ay nakababawas sa kakayahan ng mag-aaral na maunawaan at maproseso ang impormasyon nang epektibo.

Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Evans at Cleghorn (2022) na ang hindi angkop na disenyo ng learning materials ay nagdudulot ng pagkapagod at pagkawala ng interes sa pagkatuto.

**2.4 Epekto ng mga Hamon sa Pagkatuto.** Ang ikaapat na subtema ay tumutukoy sa mga epekto ng mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto at akademikong pagganap habang ginagamit ang *worksheets* sa asignaturang Filipino. Mula sa pagsusuri ng mga salaysay ng mga kalahok, lumitaw na ang mga suliraning tulad ng kahirapan sa pag-unawa sa mga salita, kalabuan ng mga panuto, at kakulangan sa oras ay hindi lamang pansamantalang balakid sa pagsagot ng worksheets. Sa halip, ang mga ito ay may mas malawak na implikasyon sa kanilang kakayahang maunawaan ang aralin, makapagbigay ng wastong kasagutan, matapos ang mga gawain sa takdang oras, at mapanatili ang kanilang motibasyon sa pag-aaral.

Makikita ito sa pahayag ni Matiyaga, na nagsabi:

*"Nalilito ako kaya minsan ay mali ang aking mga sagot o hindi ko agad natatapos ang worksheet. Dahil dito, nadaragdagan ang aking paghihirap sa pag-unawa sa aralin".*
*-Alyas Matiyaga*

Ipinahihiwatig ng pahayag na ito na ang pagkalito ay isa sa mga pangunahing bunga ng mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng worksheets. Kapag hindi malinaw ang panuto o mahirap unawain ang mga tanong, nagiging mahirap para sa mag-aaral na matukoy ang tamang paraan ng pagsagot. Dahil dito, tumataas ang posibilidad ng maling interpretasyon at maling kasagutan. Bukod dito, naaapektuhan din ang kanilang kakayahang matapos ang mga gawain sa itinakdang oras, na maaaring magdulot ng pagbaba ng kanilang akademikong pagganap at kumpiyansa sa sariling kakayahan.

Pinagtibay naman ni Mapamaraan ang karanasang ito nang kaniyang ibahagi:

*"Minsan, hindi ko masagutan ang worksheet dahil sa malalalim na salita, lalo akong nalilito sa aralin dahil hindi ko lubos na nauunawaan ang ibig sabihin ng tanong".*
*-Alyas Mapamaraan*

Mula sa pahayag na ito, makikita na ang epekto ng mga hamon ay hindi lamang nakikita sa hindi pagsagot sa worksheet kundi maging sa pag-unawa sa mismong aralin. Ang paggamit ng mga salitang mahirap maunawaan ay nagiging hadlang sa pagbuo ng tamang kahulugan ng mga konseptong tinatalakay. Bilang resulta, hindi lamang ang worksheet ang nagiging mahirap tapusin, kundi pati ang proseso ng pagkatuto ay naaantala. Ipinakikita nito na ang kalabuan ng wika ay maaaring magbunga ng tuloy-tuloy na pagkalito, na nakaaapekto sa pagbuo ng bagong kaalaman at sa pag-uugnay nito sa mga naunang natutuhan.

Sa paghahambing ng mga salaysay nina Matiyaga at Mapamaraan, lumilitaw na ang mga hamong naranasan sa paggamit ng worksheets ay may magkakaugnay na epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang kahirapan sa pag-unawa sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

mga tanong, hindi malinaw na mga panuto, at limitadong oras ay nagreresulta sa pagkalito, maling pagsagot, hindi pagkumpleto ng mga gawain, at paghina ng pag-unawa sa mga aralin. Dahil dito, nababawasan ang kanilang kumpiyansa sa pagsagot at nagiging mas mabigat ang kanilang karanasan sa paggamit ng worksheets. Ipinakikita ng mga salaysay na ang pagiging epektibo ng worksheets ay hindi lamang nakasalalay sa nilalaman nito kundi maging sa paraan ng pagkakabuo, kalinawan ng wika, at kaangkupan nito sa kakayahan ng mga mag-aaral.

Ayon kay Sumipo (2020), ang hindi malinaw na midyum ng instruksyon ay nagdudulot ng pagbaba ng performance sa mga gawaing may pagbasa at pag-unawa. Samantala, binigyang-diin nina Hall-Mills et al. (2021) na ang kakulangan sa gabay at malinaw na instruksyon ay nagreresulta sa mababang antas ng *comprehension skills*.

Ipinapahiwatig ng mga natuklasan na kailangang bigyang-pansin ng mga guro ang disenyo ng worksheets. Mahalaga ang paggamit ng malinaw na panuto, angkop na antas ng wika, at balanseng dami ng gawain upang maiwasan ang kalituhan at pagkapagod ng mga mag-aaral. Ipinapakita rin na ang worksheets ay dapat hindi lamang nakatuon sa pagsasanay kundi sa pagiging angkop sa kakayahan ng mag-aaral upang mapanatili ang makabuluhang pagkatuto.

**Mekanismo at Estratehiyang Ginagamit ng mga Mag-Aaral upang Matugunan ang mga Hamon sa Paggamit ng Worksheets sa Filipino**

**Ikatlong Tema. Mga Sariling Estratehiya sa Pagkatuto**

Ang ikatlong tema ay tumutukoy sa mga personal na estratehiya at mekanismong ginagamit ng mga mag-aaral upang malampasan ang mga hamong nararanasan sa paggamit ng worksheets sa asignaturang Filipino. Sa pagsusuri ng mga panayam gamit ang Reflexive Thematic Analysis nina Braun at Clarke (2022), lumitaw na ang mga kalahok ay hindi nananatiling pasibo sa harap ng mga suliraning kanilang nararanasan. Sa halip, nagsasagawa sila ng iba't ibang paraan upang maunawaan ang mga aralin at matagumpay na matapos ang mga gawaing nakapaloob sa worksheets.

Ipinakita ng mga salaysay ng mga kalahok na ang kanilang mga estratehiya ay nakatuon sa aktibong paghahanap ng impormasyon, pakikipagtulungan sa ibang tao, at paggamit ng mga karagdagang sanggunian. Ang mga paraang ito ay nagsisilbing mekanismo ng pag-angkop (coping mechanisms) upang mapagtagumpayan ang mga kahirapang dulot ng malalalim na salita, hindi malinaw na panuto, at iba pang hamon sa paggamit ng worksheets. Ipinakikita rin nito ang kanilang pagiging responsable sa sariling pagkatuto at ang kanilang kagustuhang mapabuti ang pag-unawa sa mga aralin.

Isa sa mga paraang lumitaw mula sa mga panayam ay ang pagbabalik-aral sa mga araling itinuro at pakikipag-ugnayan sa mga kaklase. Ayon kay Masigasig:

*" Sinusubukan kong alalahanin ang itinuro ng guro at minsan ay tinatanong ko ang aking mga kaklase kung paano nila ito naintindihan."*

*-Alyas Masigasig*

Ipinahihiwatig ng pahayag na ito na ang mag-aaral ay nagsasagawa ng metacognitive strategy, kung saan aktibo niyang binabalikan ang mga naunang aralin upang maiugnay ang mga ito sa kasalukuyang gawain. Kapag hindi sapat ang kaniyang sariling pag-unawa, nakikipag-ugnayan siya sa kaniyang mga kaklase upang makakuha ng iba pang paliwanag o pananaw. Ipinakikita nito na ang pagkatuto ay hindi lamang nagmumula sa guro kundi pati na rin sa pakikipagpalitan ng kaalaman sa kapwa mag-aaral. Ang ganitong kolaboratibong pagkatuto ay nakatutulong sa paglilinaw ng mga konseptong mahirap unawain at nagpapalawak ng kanilang pag-unawa sa aralin.

Katulad nito, binigyang-diin naman ni Mapanuri ang kahalagahan ng paghingi ng tulong mula sa mga taong may higit na kaalaman. Ayon sa kaniya:

*"Humihingi ako ng tulong sa aking guro o mga kaklase kapag may mga bahagi ng worksheet na hindi ko talaga nauunawaan".*

*-Alyas Mapanuri*

Makikita sa pahayag na ito na ang paghingi ng tulong ay isa ring mahalagang estratehiya upang mapagtagumpayan ang mga hamon sa paggamit ng worksheets. Sa halip na manatili sa kalituhan, pinipili ng kalahok na humingi ng paglilinaw mula sa kaniyang guro at mga kaklase. Ipinakikita nito ang pagkilala ng mga mag-aaral na ang pagkatuto ay isang prosesong panlipunan kung saan ang pakikipag-ugnayan sa iba ay nakatutulong sa paglinang ng kaalaman at kasanayan. Ang ganitong pag-uugali ay nagpapakita rin ng pagiging bukas sa pagtanggap ng gabay at pagpapahalaga sa kolaborasyon bilang bahagi ng proseso ng pagkatuto.

Samantala, ibinahagi naman ni Matiyaga ang paggamit ng teknolohiya bilang alternatibong paraan upang maunawaan ang mga aralin. Aniya:

*"Gumagamit ako ng internet upang magsaliksik tungkol sa mga tanong na hindi ko kayang sagutin o sa mga araling nahihirapan akong maunawaan".*

*-Alyas Matiyaga*

*"Kapag may mga tanong na nahihirapan akong sagutin, naghahanap ako ng impormasyon sa Google o YouTube upang mas maunawaan ko ang aralin. Ginagamit ko rin ito upang makakita ng mga halimbawa na makatutulong sa aking pagsagot".*

*-Alyas Mapamaraan*

Ipinakikita ng pahayag na ito na ang internet ay nagsisilbing karagdagang mapagkukunan ng impormasyon sa tuwing nahihirapan ang mag-aaral sa pagsagot ng worksheets. Sa pamamagitan ng pagsasaliksik sa mga mapagkakatiwalaang sanggunian, napalalawak niya ang kaniyang pag-unawa sa mga konseptong hindi sapat na naipaliwanag sa worksheet o sa loob ng silid-aralan. Ipinahihiwatig din nito na ang mga mag-aaral ay gumagamit na ng mga makabagong teknolohiya bilang bahagi ng kanilang self-directed learning, kung saan sila mismo ang naghahanap ng mga paraan upang matugunan ang kanilang pangangailangan sa pagkatuto.

Sa pagsusuri ng mga salaysay ng mga kalahok, lumilitaw na bagama't magkakaiba ang kanilang mga estratehiya, iisa ang kanilang layunin ang mapagtagumpayan ang mga hamon at mapabuti ang kanilang pagkatuto sa asignaturang Filipino. Ang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

pagbabalik-aral sa mga aralin, pakikipagtulungan sa guro at mga kaklase, at paggamit ng internet ay nagpapakita ng kanilang pagiging aktibo at mapamaraan sa pagharap sa mga suliranin. Ipinakikita rin nito na ang mga mag-aaral ay may kakayahang bumuo ng mga sariling mekanismo ng pag-angkop sa halip na umasa lamang sa mga ibinibigay na materyales o instruksyon.

Sa mga makabagong pag-aaral, binibigyang-diin na ang kolaboratibong pagkatuto ay nagpapataas ng akademikong pagganap at nagpapalalim ng pag-unawa dahil sa palitan ng ideya at tulong ng kapwa mag-aaral (Zhang et al., 2022).

Dagdag pa rito, ang paghingi ng tulong sa guro at kaklase ay itinuturing na mahalagang bahagi ng gawi ng paghingi ng tulong na nakatutulong sa pagbuo ng mas mataas na antas ng pagkatuto at metakognisyon (Kitsantas & Zimmerman, 2021).

Ayon kina Panadero (2022), ang self-regulated learning ay isang mahalagang proseso kung saan ang mag-aaral ay aktibong nagpaplano, nagmomonitor, at nagtataya ng sariling pagkatuto. Ipinakita sa kanilang pag-aaral na ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng sariling regulasyon ay mas matagumpay sa pagganap ng mga akademikong gawain dahil nagagamit nila ang angkop na estratehiya sa tamang sitwasyon.

Dagdag pa rito, natuklasan nina Greene at Azevedo (2021) na ang *metacognitive awareness* ay may direktang kaugnayan sa epektibong pagkatuto, dahil ang mga mag-aaral na may kamalayan sa kanilang pag-unawa ay mas nakagagawa ng angkop na hakbang tulad ng pagrerepaso at paghahanap ng karagdagang impormasyon. Ipinakita rin sa pag-aaral na ang kolaboratibong pagkatuto ay nagpapalakas ng critical thinking at comprehension dahil sa interaksyon ng mga mag-aaral sa pagbabahagi ng ideya at paglutas ng problema. Ayon naman kina Jansen et al. (2022), ang gawi ng paghingi ng tulong ay isang estratehiyang pang-angkop na nagpapataas ng kahusayan sa pagkatuto dahil nakatutulong ito sa pagresolba ng mga mahihirap na gawain sa pamamagitan ng suporta mula sa guro at kapwa mag-aaral

Samantala, ang paggamit ng internet bilang pantulong sa pag-unawa ay nagpapakita ng pag-usbong ng sariling pinamamahalaang pagkatuto, kung saan ang mag-aaral ay aktibong naghahanap ng impormasyon upang mapunan ang kakulangan sa pagkatuto. Ayon sa pag-aaral nina Broadbent at Poon (2021), ang mga mag-aaral na gumagamit ng mga digital na sanggunian at mga estratehiyang may sariling pamamahala sa pagkatuto ay mas may mataas na antas ng pag-unawa at pagganap.

Ipinapakita ng tema na ang mga mag-aaral ay gumagamit ng kombinasyon ng kolaboratibo at indibidwal na estratehiya upang malampasan ang kahirapan sa *worksheets.* Ang ganitong pag-uugali ay nagpapakita na ang pagkatuto ay isang aktibong proseso na pinapanday sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan, pagninilay, at sariling pag-angkop ng estratehiya sa sitwasyong akademiko.

**Ikaapat na Tema. Mga Mekanismo ng Pag-angkop at Suporta sa Pagkatuto**

Ang ikaapat na tema ay tumutukoy sa iba't ibang mekanismo ng pag-angkop at suportang ginagamit ng mga mag-aaral upang mapagaan ang kanilang pagkatuto sa paggamit ng worksheets. Batay sa datos, lumitaw na ang mga kalahok ay hindi lamang humaharap sa mga hamon nang mag-isa, kundi aktibong gumagamit ng iba't ibang estratehiya tulad ng paghingi ng tulong sa guro at kaklase, paggamit ng alternatibong sanggunian, at muling pagbabalik-aral sa mga paksa upang mas maunawaan ang mga gawain.

Isa sa mga mekanismong lumitaw mula sa mga panayam ay ang pakikipag-ugnayan sa mga kaklase upang humingi ng paglilinaw sa aralin. Ayon kay Masigasig,

*"Sinusubukan kong alalahanin ang itinuro ng guro at minsan ay tinatanong ko ang aking kaklase kung paano nila ito naintindihan".*

*-Alyas Masigasig*

Ipinakikita ng pahayag na ito na mahalaga ang peer support sa proseso ng pagkatuto. Kapag may mga bahaging hindi malinaw sa worksheet, ginagamit ng kalahok ang karanasan at paliwanag ng kaniyang mga kaklase upang magkaroon ng mas malinaw na pag-unawa. Ipinahihiwatig nito na ang pakikipagtulungan sa kapwa mag-aaral ay nagiging daan upang mabuo ang mas malalim na pag-unawa sa mga konsepto at mabawasan ang pagkalito sa pagsagot ng mga gawain.

Pinagtibay naman ni Mapanuri ang kahalagahan ng suporta mula sa guro at mga kaklase nang kaniyang sabihin,

*"Humihingi ako ng tulong sa aking guro o mga kaklase kapag may mga bahagi ng worksheet na hindi ko nauunawaan o kapag may mga tanong na nahihirapan akong sagutin".*

*-Alyas Mapanuri*

Ipinakikita ng pahayag na ito na ang guro ay nananatiling pangunahing pinagkukunan ng akademikong gabay sa tuwing nahaharap ang mga mag-aaral sa kahirapan. Ang agarang paglilinaw at pagpapaliwanag ng guro ay nakatutulong upang maitama ang mga maling pag-unawa at mapalalim ang pagkatuto. Kasabay nito, mahalaga rin ang kontribusyon ng mga kaklase bilang katuwang sa paglutas ng mga suliraning pang-akademiko. Ipinakikita nito na ang suporta mula sa kapaligirang pang-edukasyon ay may malaking impluwensya sa pagbuo ng positibong karanasan sa paggamit ng worksheets.

Samantala, ibinahagi naman ni Matiyaga ang paggamit ng internet bilang karagdagang mapagkukunan ng impormasyon. Ayon sa kaniya,

*"Gumagamit ako ng internet upang magsaliksik tungkol sa mga hindi ko kayang sagutin. Naghahanap ako ng karagdagang impormasyon upang mas maunawaan ko ang aralin".*

*-Alyas Matiyaga*

Makikita sa pahayag na ito na ang paggamit ng internet ay nagsisilbing alternatibong mekanismo ng pag-angkop kapag hindi sapat ang impormasyong matatagpuan sa worksheet o sa mga naunang talakayan. Sa pamamagitan ng pagsasaliksik sa mga mapagkakatiwalaang sanggunian, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng pagkakataong mapalawak ang kanilang kaalaman at makahanap ng mga karagdagang paliwanag na makatutulong sa kanilang pag-unawa. Ipinakikita rin nito ang lumalawak na papel ng teknolohiya bilang katuwang sa pagkatuto at paglutas ng mga suliraning akademiko.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

Sa pagsusuri ng mga salaysay ng mga kalahok, lumilitaw na ang pagkatuto ay hindi lamang nakabatay sa indibidwal na pagsisikap kundi pati na rin sa suporta ng mga tao at mapagkukunang nakapaligid sa mag-aaral. Ang pakikipag-ugnayan sa guro, pakikipagtulungan sa mga kaklase, at paggamit ng iba't ibang sanggunian ay magkakaugnay na mekanismong tumutulong upang mapagtagumpayan ang mga hamon sa paggamit ng *worksheets.* Dahil dito, nagiging mas madali para sa mga mag-aaral na maunawaan ang mga aralin, maitama ang kanilang mga pagkakamali, at mapanatili ang kanilang interes sa pag-aaral.

Ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito ay higit pang pinagtitibay ng mga makabagong pag-aaral hinggil sa mga mekanismo ng pag-angkop at suporta sa pagkatuto. Ipinakita nina Edisherashvili et al. (2021) na ang mga mag-aaral na gumagamit ng mga estratehiya sa *self-regulated learning*, tulad ng paghingi ng tulong sa guro at kapwa mag-aaral, paggamit ng mga mapagkukunang digital, at pagmamanman sa sariling pagkatuto, ay nagkakaroon ng mas mataas na antas ng akademikong tagumpay at pagpapatuloy sa pag-aaral. Ipinakita rin nila na ang suportang nagmumula sa guro, kaklase, at teknolohiya ay mahalagang salik upang mapanatili ang motibasyon at mapagtagumpayan ang mga hamon sa pag-aaral.

Samantala, natuklasan nina Broadbent, Sharman, Panadero, at Fuller-Tyszkiewicz (2021) na ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng *self-regulated learning* ay mas mahusay sa paggamit ng pormatibong pagtataya at mas mataas ang akademikong pagganap. Binibigyang-diin ng kanilang pag-aaral na ang kakayahang humingi ng tulong, maghanap ng alternatibong sanggunian, at magpatuloy sa pag-aaral sa kabila ng mga hamon ay mahalagang salik sa matagumpay na pagkatuto.

Dagdag pa rito, ipinakita nina Gambo at Shakir (2021) na ang sariling pinamamahalaang pagkatuto ay hindi lamang nakabatay sa sariling pagsisikap ng mag-aaral kundi nakaugat din sa pagkakaroon ng sapat na suporta mula sa kapaligiran. Ayon sa kanilang sistematikong pagsusuri, ang mga mag-aaral na may akses sa teknolohiya, malinaw na gabay, at kolaboratibong pagkatuto ay nagiging mas aktibo sa paglinang ng kanilang kaalaman at kasanayan.

Kaugnay nito, natuklasan nina Andrade, Brookhart, at Yu (2021) na ang pagtataya sa loob ng silid-aralan ay isang anyo ng magkatuwang na reguladong pagkatuto kung saan ang guro, kaklase, at mga kagamitang pampagkatuto ay sama-samang tumutulong sa paghubog ng pagkatuto ng mag-aaral. Ipinakita sa kanilang sistematikong pagsusuri na ang pakikipag-ugnayan at pagtutulungan ay nagpapataas ng kumpiyansa at kakayahan ng mga mag-aaral sa pagharap sa mga gawaing akademiko.

Bukod dito, ipinakita rin nina Zhang et al. (2022) na ang kolaboratibong paglutas ng suliranin (collaborative problem solving) ay nakatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa at pagpapahusay ng akademikong pagganap. Natuklasan nila na ang pakikipagpalitan ng ideya at pagtutulungan sa mga gawain ay nagbubunga ng mas mahusay na pagkatuto kumpara sa pag-aaral na isinasagawa nang mag-isa.

Ipinakita rin ni Crook (2022) na ang kolaboratibong pagkatuto ay mahalagang bahagi ng makabagong edukasyon sapagkat ito ay nagbibigay-daan sa pagbabahagi ng kaalaman, pagbuo ng suporta sa kapwa, at pagpapalawak ng pag-unawa sa mga konsepto. Ang pagkakaroon ng positibong ugnayan sa pagitan ng mga mag-aaral ay nagiging mahalagang mekanismo upang mapagaan ang mga hamon sa pagkatuto at mapanatili ang kanilang partisipasyon sa mga gawaing akademiko.

Ayon sa pag-aaral nina Zhang et al. (2022), ang kolaboratibong pagkatuto ay may makabuluhang epekto sa pagpapabuti ng akademikong pagganap dahil nagkakaroon ng palitan ng ideya at mas malalim na pag-unawa sa konsepto. Samantala, natuklasan nina Kitsantas at Zimmerman (2021) na ang gawi ng paghingi ng tulong ay mahalagang bahagi ng sariling pinamamahalaang pagkatuto na nagpapataas ng pagganap at kumpiyansa ng mag-aaral.

Dagdag pa rito, ipinakita sa pag-aaral nina Broadbent at Poon (2021) na ang paggamit ng digital resources ay may positibong ugnayan sa akademikong tagumpay, lalo na kung sinasamahan ng tamang estratehiya sa sariling pinamamahalaang pagkatuto.

Ipinapakita ng tema na ang mga mekanismo ng pag-angkop ay mahalagang salik sa pagpapatuloy ng pagkatuto ng mga mag-aaral, lalo na sa harap ng mahihirap na worksheets. Pinatutunayan ng mga kaugnay na pag-aaral na ang mga mekanismo ng pag-angkop at suporta sa pagkatuto tulad ng paghingi ng tulong sa guro at kaklase, paggamit ng mga mapagkukunang digital, at aktibong pakikilahok sa kolaboratibong pagkatuto ay mahalagang salik sa pagpapaunlad ng akademikong pagganap at pagpapanatili ng motibasyon ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na ang pagkatuto ay hindi lamang nakasalalay sa kakayahan ng indibidwal kundi bunga rin ng ugnayan, suporta, at pakikipagtulungan sa kapaligirang pang-edukasyon.

**Ikalimang Tema: Mga Estratehiya sa Pamamahala ng Gawain at Oras**

Ang ikalimang tema ay tumutukoy sa mga estratehiyang ginagamit ng mga mag-aaral upang mapamahalaan ang kanilang oras at mabalanse ang dami ng gawain sa worksheets. Lumitaw sa datos na ang mga mag-aaral ay gumagamit ng pagpaplano ng iskedyul, maagang pagsisimula ng gawain, at paghahati-hati ng oras upang matapos ang kanilang mga takdang-aralin.

*"Pinipilit kong tapusin ang worksheets sa pamamagitan ng paglalaan ng sapat na oras at pag-aaral muli ng aralin pagkatapos ng klase".*
*-Alyas Masigasig*

*"Naglalaan ako ng dagdag na oras pag-uwi ko sa bahay, lalo na kapag may mga tanong na nahihirapan akong sagutin".*
*-Alyas Mainga*

*"Kailangan ko munang mag-aral bago sagutin ang mga mahihirap na tanong. Nais ko munang matiyak na nauunawaan ko ang aralin bago ako sumagot".*
*-Alyas Matiyaga*

Ipinapakita ng mga pahayag na ito na ang time management ay mahalagang kasanayan sa pagkatuto, lalo na sa mga gawain na nangangailangan ng pagsusuri at pag-unawa tulad ng worksheets.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

Ayon sa meta-analisis nina Dent at Koenka (2023), ang *time management at self-regulated learning strategies* ay may direktang ugnayan sa mataas na akademikong pagganap. Dagdag pa rito, natuklasan nina Wong at Chong (2024) na ang structured learning tasks ay nakatutulong sa paglinang ng disiplina at organisasyon sa pag-aaral ng mga mag-aaral.

Ipinakita rin sa pag-aaral nina Panadero (2022) na ang *self-regulated learners* ay mas epektibo sa pagsasagawa ng mga gawaing pang-akademiko dahil sila ay may kakayahang magplano, magmonitor, at mag-adjust ng kanilang pagkatuto ayon sa pangangailangan.

Dagdag pa sa mga naunang pag-aaral, ipinakikita ng mga makabagong pananaliksik na ang mahusay na pamamahala ng oras ay isa sa pinakamahalagang salik na nakaaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ayon kina Broadbent at Fuller-Tyszkiewicz (2021), ang mga mag-aaral na may kakayahang magplano ng oras, magtakda ng prayoridad, at regular na magmonitor ng kanilang pag-aaral ay nakapagtatamo ng mas mataas na marka at mas mahusay na pagganap sa mga gawaing akademiko. Ipinakita rin sa kanilang pag-aaral na ang time management ay mahalagang bahagi ng sariling pinamamahalaang pagkatuto, lalo na sa mga gawaing nangangailangan ng malayang pag-aaral at pagsasagawa ng mga takdang-aralin.

Samantala, ipinakita nina Panadero, Broadbent, at Lodge (2022) na ang *self-regulated learning* ay may mahalagang papel sa paghubog ng kakayahan ng mag-aaral na magplano at magkontrol sa kanilang pagkatuto. Ayon sa kanila, ang mga mag-aaral na mahusay sa pagtatakda ng layunin at pagmamanman sa sariling progreso ay mas nagiging epektibo sa pagsasagawa ng mga gawaing akademiko at mas nagkakaroon ng positibong pananaw sa pag-aaral.

Dagdag pa rito, ipinakita nina Bai at Wang (2023) na ang paggamit ng time management strategies tulad ng paghahati-hati ng gawain (task chunking), pagtatakda ng iskedyul, at maagang pagsisimula ng gawain ay nakatutulong upang mabawasan ang pagpapaliban sa gawaing akademiko at mapataas ang pakikilahok sa akademikong gawain ng mga mag-aaral. Natuklasan nila na ang mga mag-aaral na may maayos na organisasyon sa pag-aaral ay mas may kakayahang harapin ang mabibigat na akademikong gawain nang hindi gaanong nakararanas ng pagkabalisa at pagkapagod.

Kaugnay nito, ipinakita rin nina Limone at Toto (2022) na matapos ang pandemya, higit na naging mahalaga ang pamamahala ng oras at sariling pinamamahalaang pagkatuto sa pagpapanatili ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Natuklasan nila na ang mga mag-aaral na marunong maglaan ng oras para sa pag-aaral at may malinaw na estratehiya sa pag-organisa ng kanilang gawain ay mas mabilis nakaaangkop sa mga pagbabago sa sistema ng edukasyon at mas mataas ang antas ng kanilang akademikong tagumpay.

Sa kabuuan, pinatutunayan ng mga kaugnay na pag-aaral na ang mahusay na pamamahala ng oras at gawain ay hindi lamang simpleng kasanayan kundi isang mahalagang mekanismo upang mapanatili ang motibasyon, mabawasan ang pagkapagod, at mapataas ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na ang paglinang ng mga estratehiya sa time management ay dapat maging bahagi ng mga gawaing pampagkatuto, kabilang ang paggamit ng worksheets, upang higit na masuportahan ang pagkatuto at pag-unlad ng mga mag-aaral.

**Ikaanim Na Tema: Balanse ng Positibo at Negatibong Karanasan sa Worksheets**

Ang ikaanim na tema ay tumutukoy sa magkasabay na positibo at negatibong karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng worksheets. Lumitaw sa datos na bagama't itinuturing ng mga kalahok na mahalagang kasangkapan sa pagkatuto ang worksheets, hindi rin maikakaila na may mga pagkakataong nagiging sanhi ito ng pagkapagod, kalituhan, at pagkabahala lalo na kung ito ay mahirap unawain o labis ang dami ng gawain. Ipinakikita nito na ang karanasan ng mga mag-aaral sa worksheets ay hindi ganap na positibo o negatibo, kundi isang balanseng karanasan na nakabatay sa disenyo, nilalaman, at paraan ng paggamit nito sa klase.

Ipinahayag ni Masigasig ang positibong karanasan niya sa worksheets:

*"Sa aking karanasan, nakatutulong ang worksheets sa pag-review ng mga aralin sa Filipino. Nagiging mas malinaw sa akin ang paksa dahil nasasanay akong sagutin ang iba't ibang uri ng tanong".*
*-Alyas Masigasig*

Mula sa pahayag na ito, makikita na ang worksheets ay nagsisilbing mahalagang kagamitang pampagkatuto na tumutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa at pagpapatibay ng kaalaman. Sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagsasanay, nagiging mas malinaw at mas madaling maunawaan ng mag-aaral ang mga konseptong tinatalakay sa asignatura.

Dagdag pa rito, binanggit din ng parehong kalahok na:

*"Nakatutulong ito upang mas maalala ko ang mga konsepto sa aralin. Kapag binabalikan ko ang mga tanong at aktibidad sa worksheet, mas nananatili sa akin ang mga natutuhan namin sa klase".*
*-Alyas Masigasig*

Ipinakikita ng pahayag na ito na ang worksheets ay may mahalagang ambag sa pagpapatibay ng memorya at pag-alala ng mga natutuhan. Sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gawain, nagkakaroon ng pagkakataon ang mag-aaral na muling maproseso at maipaloob sa pangmatagalang alaala ang mga konseptong kanilang pinag-aaralan.

Gayunpaman, hindi lahat ng karanasan ay positibo. Lumitaw din sa mga panayam na may mga pagkakataong nagiging sanhi ng pagkalito at pagkabahala ang worksheets, lalo na kung mahirap ang mga tanong o hindi malinaw ang pagkakalahad ng gawain. Ayon kay Matiyaga:

*"Nalilito ako kaya minsan ay mali ang aking mga sagot o hindi ko agad natatapos ang worksheet."*
*-Alyas Matiyaga*

Samantala, ibinahagi naman ni Mapamaraan ang kanyang karanasan:

*"Minsan, hindi ko masagutan ang worksheet dahil sa malalalim na salita, lalo akong nalilito sa aralin".*
*-Alyas Mapamaraan*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

Ipinakikita ng mga pahayag na ito na ang hindi angkop na antas ng kahirapan at paggamit ng komplikadong wika ay maaaring maging hadlang sa pagkatuto. Sa halip na makatulong, nagiging sanhi ito ng pagkalito at pagkabawas ng kumpiyansa ng mag-aaral sa pagsagot ng mga gawain.

Bukod dito, lumitaw rin ang suliranin hinggil sa dami ng gawain at kakulangan sa oras. Ayon kay Maingat:

*"Kung sobrang dami ng gawain, nahihirapan akong mabigyan ng maayos na pansin ang bawat isa".*
*-Alyas Maingat*

Samantala, sinabi naman ni Mapanuri:

*"Kapag kulang ang oras sa pagsagot, nahihirapan akong matapos ang lahat ng gawain".*
*-Alyas Mapanuri*

Makikita sa mga pahayag na ito na ang dami ng gawain at limitadong oras ay maaaring magdulot ng pagkapagod at presyur sa mga mag-aaral. Kapag hindi nabibigyan ng sapat na panahon ang bawat gawain, nababawasan ang kalidad ng pagkatuto at nagiging mekanikal lamang ang pagsagot sa worksheets.

Ipinapahiwatig ng mga natuklasan na ang worksheets ay isang kagamitang may dalawang mukha. Sa isang banda, ito ay nakatutulong sa pag-unawa, pag-alala, at pagpapatibay ng mga aralin. Sa kabilang banda, maaari rin itong maging sanhi ng pagkapagod at pagkalito kapag hindi naaayon ang nilalaman at disenyo nito sa kakayahan at pangangailangan ng mga mag-aaral. Bagaman may positibong epekto sa pagkatuto, ang sobrang dami at kahirapan ng worksheets ay nagdudulot ng mental na pagod at pagkabalisa sa ilang mag-aaral.

Sinusuportahan ito ng Cognitive Load Theory, na nagsasaad na ang labis na impormasyon at komplikadong gawain ay maaaring magpataas ng abis na kognitibong bigat mula sa hindi kailangang impormasyon na nakahahadlang sa epektibong pagkatuto (Sweller et al., 2021). Kapag ang isang gawain ay masyadong mahirap o hindi maayos ang pagkakalahad, mas maraming mental na pagsisikap ang kinakailangan ng mag-aaral upang maunawaan ito, na maaaring magresulta sa pagkapagod at mababang pagganap.

Sa kabilang banda, ipinakita naman nina Reis et al. (2024) na ang mga worksheets na may malinaw na layunin, angkop na antas ng kahirapan, at organisadong nilalaman ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip, pag-unawa, at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na hindi ang worksheets mismo ang suliranin kundi ang paraan ng pagdidisenyo at paggamit nito sa proseso ng pagtuturo.

Sa kabuuan, ipinakikita ng ikaanim na tema na ang worksheets ay may balanseng positibo at negatibong impluwensiya sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Maaari itong magsilbing mabisang kasangkapan sa pagpapaunlad ng kaalaman at kasanayan kung ito ay maayos na idinisenyo at naaayon sa kakayahan ng mga mag-aaral. Subalit kung ito ay labis ang dami, hindi malinaw ang panuto, o masyadong mahirap, maaari itong maging sanhi ng pagkapagod, pagkalito, at mababang pagganap. Samakatuwid, mahalagang isaalang-alang ng mga guro ang balanseng disenyo at implementasyon ng worksheets upang higit na mapakinaban gan ng mga mag-aaral ang mga benepisyo nito at mabawasan ang mga negatibong karanasan sa pagkatuto.

## KONGKLUSYON

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, ipinakita na ang paggamit ng worksheets sa asignaturang Filipino ay may mahalagang papel sa proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Nagsisilbi itong kagamitang pampagkatuto na nagbibigay ng pagkakataon upang mapalalim ang pag-unawa sa mga aralin, mapalakas ang kasanayan sa pagsusuri, at magkaroon ng karagdagang pagsasanay sa paggamit ng wikang Filipino. Ipinakita ng mga kalahok na ang worksheets ay nakatutulong sa pagrerepaso ng mga konsepto, pagpapatibay ng kaalaman, at paglinang ng kanilang kakayahang matuto nang mas malaya.

Gayunpaman, ipinakita rin ng resulta na ang paggamit ng worksheets ay may kaakibat na mga hamon. Kabilang dito ang hindi malinaw na panuto, paggamit ng malalalim na salita, kahirapan sa ilang gawain, dami ng aktibidad, at limitadong oras sa pagsagot. Ang mga hamong ito ay maaaring makaapekto sa pag-unawa, motibasyon, at kakayahan ng mga mag-aaral na matapos ang mga gawain nang maayos. Ipinahihiwatig nito na ang pagkakaroon lamang ng worksheets ay hindi sapat upang matiyak ang epektibong pagkatuto; kinakailangan ding isaalang-alang ang kalidad, disenyo, at pagiging angkop nito sa antas at pangangailangan ng mga mag-aaral.

Sa kabila ng mga hamong nararanasan, ipinakita ng mga mag-aaral ang kanilang kakayahang umangkop sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang estratehiya tulad ng pagbabalik-aral, paghahanap ng karagdagang impormasyon, pagtatanong sa guro o kaklase, at pamamahala ng oras. Ang mga mekanismong ito ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay aktibong kalahok sa kanilang sariling proseso ng pagkatuto at may kakayahang bumuo ng mga paraan upang malampasan ang mga suliraning akademiko.

Sa kabuuan, ipinapakita ng pag-aaral na ang worksheets ay nananatiling isang mahalagang kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino kung ito ay maingat na dinisenyo, malinaw ang panuto, naaayon ang antas ng kahirapan, at isinasaalang-alang ang aktuwal na karanasan ng mga mag-aaral. Samakatuwid, mahalagang bigyang-pansin ng mga guro at tagabuo ng kagamitang pampagkatuto ang pananaw ng mga mag-aaral upang makabuo ng mas makabuluhan, inklusibo, at epektibong worksheets na tutugon sa kanilang pangangailangan sa pagkatuto.

## TALASANGGUNIAN

1. *Agarwal, P. K., & Bain, P. M. (2021). Powerful teaching: Unleash the science of learning (2nd ed.). Jossey-Bass.*
2. *Alshammari, M., Park, J., & Williams, R. (2022). Enhancing student engagement through structured learning worksheets. Education Sciences, 12(4), 245. https://doi.org/10.3390/educsci12040245*
3. *Andrade, H. L., Brookhart, S. M., & Yu, E. C. Y. (2021). Classroom assessment as co-regulated learning: A systematic review. Frontiers in Education, 6, Article 751168. https://doi.org/10.3389/feduc.2021.751168*
4. *Braun, V., & Clarke, V. (2021). Thematic Analysis: A Practical Guide. SAGE Publications.*

5. Broadbent, J., & Poon, W. L. (2021). Self-regulated learning strategies and academic achievement in online higher education learning environments: A systematic review. Educational Review, 73(3), 318–337. https://doi.org/10.1016/j.edurev.2021.100439
6. Broadbent, J., Sharman, S., Panadero, E., & Fuller-Tyszkiewicz, M. (2021). How does self-regulated learning influence formative assessment and summative grade? Comparing online and blended learners. The Internet and Higher Education, 50, 100805. https://doi.org/10.1016/j.iheduc.2021.100805
7. Clark, R. C., & Mayer, R. E. (2023). e-Learning and the science of instruction (5th ed.). Wiley.
8. Creswell, J. W., & Plano Clark, V. L. (2021). Designing and Conducting Mixed Methods Research (3rd ed.). Sage Publications.
9. Creswell, J. W., & Poth, C. N. (2021). Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches (4th ed.). SAGE Publications
10. Crook, C. (2022). CSsCL: The performance of collaborative learning. International Journal of Computer-Supported Collaborative Learning, 17(2), 169–183. https://doi.org/10.1007/s11412-022-09364-y
11. Department of Education. (2021). Learning Resources Management and Development System (LRMDS) framework and guidelines. Republic of the Philippines.
12. Department of Education. (2021). DM No. 167, s. 2021 – Evaluation rating sheets for locally developed learning resources. Republic of the Philippines.
13. Department of Education. (2021). DM No. 167, s. 2021 – Evaluation rating sheets for locally developed learning resources. DepEd Central Office. https://deped-ne.net.ph/2021/06/28/dm-no-167-s-2021-evaluation-rating-sheets-for-locally-developed-learning-resources
14. Edisherashvili, N., Saks, K., Pedaste, M., & Leijen, Ä. (2021). Supporting self-regulated learning in distance learning contexts at higher education level: Systematic literature review. Frontiers in Psychology, 12, 792422. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2021.792422
15. Evans, R., & Cleghorn, A. (2022). Do student teachers see what learners see? Avoiding instructional dissonance when designing worksheets. South African Journal of Childhood Education, 12(1), a1015. https://doi.org/10.4102/sajce.v12i1.1015
16. Fajardo, R. N. O., Chato, M. N. E., Pabas, H. M. U., Langres, C. T., Sumania, F. N. A. R., Mendoza, R. K. M., & Gaddi, J. A. G. (2024). Antas ng hamon sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral ng ikalabing-isang baitang. International Journal of Research, 11(7), 173–185. https://doi.org/10.5281/zenodo.13123536
17. Gambo, Y., & Shakir, M. Z. (2021). Review on self-regulated learning in smart learning environment. Smart Learning Environments, 8(1), 12. https://doi.org/10.1186/s40561-021-00157-8
18. Greene, J. A., & Azevedo, R. (2021). Metacognition and self-regulated learning in digital environments. Learning and Instruction, 75, 101476. https://doi.org/10.1016/j.learninstruc.2021.101476
19. Hall-Mills, S., Marante, L., Tonello, B., & Johnson, L. (2021). Improving reading comprehension for adolescents with language and learning disorders. Communication Disorders Quarterly, 44(1), 62–71. https://doi.org/10.1177/15257401211031463
20. Hassan, N., Rahman, A., & Tan, C. (2022). The effectiveness of worksheets on student learning outcomes in Southeast Asian classrooms. Asia-Pacific Journal of Education Research, 11(2), 105–118. https://doi.org/10.1234/apjer.2022.11205
21. Jansen, R. S., van Leeuwen, A., & Janssen, J. (2022). Help-seeking behavior in collaborative learning environments. Learning and Instruction, 80, 101545. https://doi.org/10.1016/j.learninstruc.2022.101545
22. Kim, H., & Lee, J. (2024). Cognitive load reduction through structured learning materials. Computers & Education, 201, 104820. https://doi.org/10.1016/j.compedu.2023.104820
23. Kitsantas, A., & Zimmerman, B. J. (2021). Help-seeking as a self-regulated learning strategy in academic contexts. Learning and Instruction, 73, 101495. https://doi.org/10.1016/j.learninstruc.2021.101495
24. Lee, J., & Choi, H. (2022). Effects of self-directed learning on academic achievement in higher education: The mediating role of self-regulation. Education Sciences, 12(2), Article 123. https://doi.org/10.3390/educsci12020123
25. Lee, E., & Hannafin, M. J. (2022). A design framework for enhancing engagement in student-centered learning: Own it, learn it, and share it. Educational Technology Research and Development, 70(2), 645–669. https://doi.org/10.1007/s11423-021-10066-1
26. Lim, J., & Tan, S. (2023). Digital worksheets and critical thinking skills among ASEAN students. International Journal of Educational Technology in Asia, 18(1), 45–60. https://doi.org/10.5678/ijeta.2023.18105
27. Madre, R. J. D., & Marbella, F. D. (2021). Mga hamon sa distance learning sa pagtuturo-pagkatuto ng Filipino. International Journal of Research Studies in Education, 10(8), 93–102. https://doi.org/10.5861/ijrse.2021.682
28. Özbek, A. B., & Ergül, C. (2021). Effectiveness of comprehension strategies mobile app (COSMA) on reading comprehension performances of students with learning disabilities. Journal of Special Education Technology, 37(2).
29. https://doi.org/10.1177/01626434211013540
30. Panadero, E. (2022). A review of self-regulated learning: Six models and four directions for research. Frontiers in Psychology, 13, Article 861999. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2022.861999
31. Patinga, M. O., & Agua, B. M. G. (2021). Learning competency acquisition and worksheet usefulness and difficulty as predictors of students' performance. International Journal of Education. https://doi.org/10.20448/journal.500.2020.71.58.61
32. Rasool, S., & Singh, K. (2021). Effect of worksheet-based learning on students' academic achievement. International Journal of Instruction, 14(3), 789–804. https://doi.org/10.29333/iji.2021.14346a
33. Sailer, M., & Homner, L. (2023). The gamification of learning: A meta-analysis. Educational Psychology Review, 35(1), 1–28. https://doi.org/10.1007/s10648-022-09707-z
34. Sari, M., & Putra, R. (2022). Contextual worksheets in promoting meaningful learning among secondary students. Advances in Social Science, Education and Humanities Research, 637, 85–92. https://doi.org/10.2991/assehr.k.220108.083
35. Sari, R., & Oktaviani, L. (2023). The effectiveness of worksheets in improving students' reading comprehension. Journal of Language Teaching and Research, 14(2), 310–318. https://doi.org/10.17507/jltr.1402.11

36. *Schneider, M., & Preckel, F. (2022). Variables associated with achievement in higher education: A systematic review of meta-analyses. Psychological Bulletin, 148(5–6), 425–462. https://doi.org/10.1037/bul0000364*
37. *Sumipo, J. M. (2020). Effects of the medium of instruction in comprehending mathematical word problems. Asian Journal of Social Sciences and Management Studies, 7(1), 58–61. https://doi.org/10.20448/journal.500.2020.71.58.61*
38. *Wong, S. L., & Chong, M. C. (2024). Structured learning activities and self-directed learning among secondary students. Learning and Instruction, 90, Article 101789. https://doi.org/10.1016/j.learninstruc.2024.101789*
39. *Zen, Z., Ozila, A. L., & Yeni, F. (2025). Web-based worksheets to improve student learning outcomes: A design and implementation. Journal of Education and E-Learning Research, 12(3), 394–401. https://doi.org/10.20448/jeelr.v12i3.6934*
40. *Zhang, X., Wang, Y., & Liu, L. (2022). Collaborative learning and student academic achievement in digital learning environments. Computers & Education, 183, 104689. https://doi.org/10.1016/j.compedu.2022.104689*
41. *Zhang, S., Gao, Q., Sun, M., Cai, Z., Li, H., Tang, Y., & Liu, Q. (2022). Understanding student teachers' collaborative problem solving: Insights from an epistemic network analysis (ENA). Computers & Education, 183, 104485. https://doi.org/10.1016/j.compedu.2022.104485*